

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Bukas na ngayon ang BHive Brampton at nagbibigay lakas sa susunod na henerasyon ng mga innovator**

BRAMPTON, ON (Mayo 21, 2021) – Kahapon, nag-host ang Lungsod ng Brampton ng birtwal na paglulunsad ng BHive Brampton, isang proteksyon sa paghina ng ekonomiya para sa pandaigdigang mga negosyante sa Innovation District ng Brampton.

Ang BHive ay isang inisyatiba na pinapalakas ng Lungsod ng Brampton na may layunin na bigyang lakas ang susunod na henerasyon ng mga innovator, pabilisin ang kanilang paglalakbay at lilikha ng positibong epekto para sa negosyante, ekonomiya at komunidad sa kabuuan. Napagtibay sa pakikipagtulungan ng Toronto Business Development Centre, ang BHive ay nilalayon para hikayatin ang mga dayuhang negosyante na gustong magtatag ng bago, nasusukat na mga negosyo sa Canada sa pamamagitan ng [Start-up Visa](#). Ang matagumpay na mga aplikante ay bibigyan ng permanenteng residensya at sa loob ng kanilang 6 na buwang programa ng incubation, ay bibigyan ng hanay ng mga resource kabilang ang espasyo sa tanggapan, mga pagkakataon sa networking at mga serbisyo sa suporta sa negosyo. Ang mga negosyante ay pwedeng mag-aplay [dito](#).

Ang patuloy na ebolusyon ng Innovation District ng Lungsod ay ang mahalagang parte ng [Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya](#) nito, at makakatulong sa Lungsod na umabante mula sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19. Sumasali ang BHive sa bilang ng pang-entrepreneur, pangnegosyong incubation, at pampabilis na mga espasyo sa Innovation District ng Brampton, kabilang ang Brampton Entrepreneur Centre, ang Ryerson-led Innovation Zone, ang Research Innovation Commercialization (RIC) Centre, ang Founder Institute, ang Cyber Security Accelerator, ang Catalyst Cyber Range na pinamunuan ng Rogers Cybersecure Catalyst, at Ryerson's DMZ. Ang Brampton Board of Trade and Downtown Brampton BIA ay mahalagang partner din sa pagtayo ng Innovation District.

Alamin ang mas marami pa tungkol sa BHive [dito](#). Alamin ang tungkol sa Innovation District ng Lungsod [dito](#).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay ang Lungsod ng mga Oportunidad, at habang inilulunsad natin ang BHive, patuloy nating nililikha ang ecosystem kung saan ang mga entrepreneur ay makapagaplano ng mga kumpanya at produkto, mag-hire ng talent, lumikom ng capital, at iakyat ang kanilang kumpanya lahat nang hindi inihiwanan ang ating Innovation District. Ang Brampton ay talagang nasa landas na para maging lider sa Innovation. Inaasahan ko ang makarinig ng magandang mga kwento ng tagumpay na magsisimula sa BHive at sa ating Innovation District.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay nasa daan na para magiging lider sa innovation at lumilikha ng mga trabaho para sa hinaharap. Sa pagtanggap sa BHive sa ating lumalaking Innovation District, pinapatibay natin ang ating kakayahan na linangin ang start-up na komunidad, paunlarin ang lokal na talent at suportahan ang mga

negosyante sa bawat yugto ng kanilang paglalakbay. Inaasahan natin ang pagtanggap sa mga bagong negosyo sa ating komunidad at panonoorin silang umunlad.”

*- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang patuloy na ebolusyon ng Innovation District ng Brampton ay isang mahalagang bahagi sa ating Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya, at tutulong sa atin sa pagsulong mula sa mga epekto ng pandemya ng COVID-19. Ang sektor ng Innovation at Teknolohiya ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagiging madaling nakakabangon ng ekonomiya. Habang pinapalakas ng BHive ang susunod na henerasyon ng mga innovator, lilikha ito ng positibong epekto para sa ekonomiya at sa komunidad sa kabuuan.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang lumalaking innovation ecosystem ng Brampton ay nagpapamalas sa commitment ng ating staff na lumikha ng isang Innovation District na naghahatid ng pinakamahusay na mga partner na kapaki-pakinabang. Sa paglulunsad ng BHive, hinahatid natin ang dagdag na pagka-eksperto ng Toronto Business Development Centre sa ating Innovation District, nag-aalok ng mas maraming pagkakataon para sa pagtutulungan, partnership at innovation sa bawat uindustriya.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki namin na maging bahagi ng bagong lunsad na innovation district ng Lungsod ng Brampton, na nakikipag-partner sa nangungunang mga institusyong akademiko ng rehiyon at mga lider ng komunidad na advanced mag-isip para makalikha ng ecosystem na nakakabuti sa entrepreneur. Naghahangad ang BHive na magdala ng may kasanayang bagong dating na mga entrepreneur at tulungan silang makarating at lumago. Ang ating pamumuhunan sa mga innovative na entrepreneur ay magbibigay-pakinabang sa mga negosyo sa hinaharap pati na rin sa pangkalahatang paglago ng innovation ecosystem sa Canada.”

*- Vikram Khurana, CEO, Brampton BHive.*

“Ang susi sa malusog na ecosystem ay ang cross-pollination, at sa pamamagitan ng pagsama-sama sa mga tao na nag-aangkin ng sari-saring mga background at pagiging eksperto, pinapalakas natin hindi lamang ang BHive, ngunit pinapalaki ang innovation ecosystem. Sa pakikipagtulungan sa expertise ng TBDC sa pagbibigay ng world-class programming para sa bagong dating na mga negosyante, inaasahan natin ang paghahatid ng kaparehong karanasan at pagsuporta sa BHive na makabuo ng mas magandang kinabukasan sa innovation na gumagawa ng mahalagang mga kontribusyon sa rehiyon at sa Canada sa kabuuan.”

*- Sobi Rangunathan, Board Member, Toronto Business Development Centre; Senior Compliance Partner, 4S Consulting Services Inc.*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)